

MGA BATA AT PAGKABIGHANI SA APOY

Fact Sheet 15 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

Ang inyo bang anak ay NABIBIGHANI sa apoy?

Maraming mga bata, at partikular na ang mga lalaki, ay maaaring magkaroon ng interes sa apoy o paglalaro ng mga pansindi ng sigarilyo o mga posporo sa ilang bahagi ng kanilang buhay.

Tinatanggap ng mga pangkalusugang propesyonal na ang interes ng mga bata sa apoy ay sadyang normal ngunit ang pangangalaga ay kinakailangan upang matiyak na ang inyong anak ay hindi masusunog o makakasira ng anumang bagay bilang resulta ng pagkaosyosong ito.

May iba't ibang mga dahilan kung bakit ang mga bata ay nagsisimula ng mga apoy, kabilang sa ilan sa mga dahilang ito ang:

- Ang pagkaosyoso o pagkabighani ay tanggap bilang bahagi ng karaniwang pag-aaral ng pagkilos
- Ang ilang mga bata ay maaaring magsimula ng mga sunog bilang bahagi ng pansariling paghingi ng atensiyon
- Ang pamimilit ng kauri mula sa ibang mga bata ay maaaring maging impluwensiya na nagiging sanhi ng pagsisindi ng apoy
- Nakalulungkot na ang ilang mga bata na nasasaktan sa pamamagitan ng galit o paghihiganti ay maaaring magsindi ng apoy
- Sa ilang mga bata ay mayroong elemento ng malisyosong kapilyuhan na kinabibilangan ng pagsisindi ng apoy
- Ipinapayo ng mga pangkalusugang propesyonal na maliit na porsiyento ng mga bata ang may hindi magandang pagkabighani sa apoy na mangangailangan ng propesyonal na kalusugang pagpapagamot

Ang mga bata ay kadalasang di nakababatid na ang napakaliit na apoy ay maaaring lumaki sa isang mapanganib na apoy.

Ano ang maaari ninyong magawa upang makatulong na maiwasan ang pagkakaroon ng pagkabighani sa apoy ng inyong anak?

- Magkabit ng mga alarma para sa usok at suriin ito nang palagian kasama ang pamilya at palitan ang mga baterya nang taunan
- Ipalooob ang inyong anak sa paggawa ng plano ng pagtakas sa tahanan at magkasamang sanayin ito nang palagian
- Palaging itabi nang ligtas ang mga posporo. Ang mga bata ay aakyat upang maabot ang mga ito
- Turuan ang inyong mga anak na ang apoy ay hindi isang LARUAN ngunit isang nakatutulong na KAGAMITAN sa pagluluto o pagpapainit kapag ginamit nang ligtas at may pananagutan ng mga matatanda
- Huwag utusan ang inyong mga anak na kumuha ng mga posporo o mga pansindi ng sigarilyo para sa inyo. Ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng halimbawa at kadalasan gumagaya sa gawi ng matanda
- Himukin ang inyong mga batang anak na ibigay sa inyo ang anumang mga posporo o mga pansindi ng sigarilyo na makikita nila at purihin sila sa pagkilos nang may pananagutan
- Huwag magwalang-bahala sa mga ebidensiya ng paglalaro ng apoy katulad ng mga sunog sa mga damit o mga posporo o pansindi ng sigarilyo sa mga bulsa
- Tiyakin na ang inyong mga anak ay napapangasiwaan sa lahat ng oras

KUNG KAYO AY MAY MGA PAG-AALALA TUNGKOL SA PAGKABIGHANI NG INYONG ANAK SA APOY, SA NSW TAWAGAN ANG 1800 600 700, SA ACT TAWAGAN ANG 6207 9032

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG

o bisitahin ang website na: www.fire.nsw.gov.au www.rfs.nsw.gov.au o www.esa.act.gov.au

MGA PAYONG PANGKALIGTASAN KAUGNAY SA PAGKABIGHANI SA APOY

- Turuan ang mga nakatatandang mga anak kung paano gumamit ng mga posporo at apoy nang ligtas, at bigyan-diin sa kanila ang kahalagahan ng pagsisindi lamang ng mga apoy sa harapan ng mga matatanda
- Maging maalam na ang mga nakababatang mga anak ay maaaring maglaro ng apoy sa kanilang mga silid tulugan
- Kapag natutulog hindi ninyo maaamoy ang usok at sa katunayan gagawin nitong mas mahimbing ang inyong tulog

SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000